

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Ang Maluwalhating Kaharian

I Hari 3:5-15; 10:1-29

Ang Kasaysayan...

Pagkatapos maitatag si Solomon bilang bagong hari ng Israel ay nagpakita sa kanya ang Panginoon sa isang panaginip at sinabi, “Hingin mo kung ano ang maibigay ko sa iyo.” I Hari 3:5 Ang kabataang hari ay maaaring makahingi ng salapi, katanyagan o ng mahabang buhay, subalit hindi niya ito ginawa. Sa halip ay humingi siya ng karunungan upang makatarungan niyang mapamahalaan ang bayan ng Dios. Bilang sagot sa kanyang mapagpakumbaba at taos pusong panalangin ay binigyan siya ng Panginoon ng kahangahangang

karunungan at pang-unawa nang higit sa kaninumang tao. Bukod pa rito ay biniyayaan siya ng Dios ng kabantugan, kayamanan at mahabang buhay.

Sa panahon ng paghahari ni Solomon, ang Israel ay nagtamasa ng hindi mapapantayang kapayapaan at kasaganaan. Napakarami ng mahahalagang hiyas sa Jesuralem noong kanyang kapanahunan na ang pilak ay ipinalalagay na pangkaraniwan na tulad ng mga bato (I Hari 10:27). Bukod sa napakagandang templong marmol at ginto ay nagtayo rin siya ng isang marangyang palasyo na may gayon ding kapaligiran at mga buong lunsod na tahanan ng kanyang mga karuwahe at mangangabayo. Napakainam na mga bulaklakan at mga dikaraniwang punong kahoy ang makikita sa bawat bayan. Mga hari, mga maharlika at mararangal na tao mula sa iba’t-ibang bansa ang dumadalaw at nagdadala ng mga kaloob. Nasasabik silang marinig ang malalim na karunungan ni Solomon na inilagay ng Dios sa kanyang puso (I Hari 10:24).



8 Kabilang sa maraming maharlikang dalaw ay isang mayaman at magandang reyna mula sa malayong lupain ng Sheba. Nais niyang makita kung ang mga balita tungkol sa hari ng Israel ay totoo.

Sinubok siya ng Reyna ng Sheba ng maraming mahihirap na tanong at nagulat sa kanyang mga matatalinong sagot. Saan man siya tumingin ay namamangha ang kanyang pakiramdam. Subalit kahit ang Israel sa kanyang kaningningan ay hindi maihahambing sa maluwalhating kahariang inihahanda ng Dios para sa iyo.

Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Ano ang ipinangako ni Jesus sa Kanyang bayan?

Juan 14:2 *Sa bahay ng aking Ama ay maraming _____ ,
ako'y paparoon upang ipaghanda ko kayo ng _____.*

2. Ano ang nalalaman natin sa lugar na itong inihahanda ni Jesus?

Isa. 65:17 *Sapagkat narito, ako'y lumilikha ng mga _____
langit at ng bagong lupa.*

Heb. 11:16 *Sapagka't kanyang ipinaghahanda sila ng isang*

_____.

Mat. 5:5 *Mapapalad ang maaamo, sapagka't mamanahin nila ang*

_____.

Isa. 65:21 *At sila'y mangagtatayo ng _____ at ang mga
yao'y kanilang tatahanan.*

PALIWANAG: Ipinaghanda ng Dios ang Kanyang bayan ng bagong langit, isang bagong lupa at isang bago at banal na lunsod. Ang mga matuwid ay magmamana ng isang marilag na mansiyon sa lunsod na itinayo ni Jesus (Juan 14:2), at pambihirang tahanan sa kabukiran sa bagong lupa, na sila rin ang magtatayo (Isaia 65:21).

3. Ano pa ang nalalaman natin tungkol sa banal na lunsod?

Apok. 21:16 *At ang pagkatayo ng bayan ay _____ at
sinukat niya ng tambo ang bayan at _____ estadio. Ang
haba at ang luwang at ang taas nito ay magkakasukat.*

Apok. 21:2 *At nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem na
nananaog mula sa _____ buhat sa Dios.*

Apok. 21:10,12 *Ang bagong Jerusalem, nananaog mula sa langit
buhat sa Dios ay may malaki at mataas na kuta at may
_____ pintuan.*

Apok. 21:18 *At ang malaking bahagi ng kuta niya ay
_____ at ang bayan ay _____.*

Apok. 21:21 *At ang lansangan ng bayan ay dalisay na
_____.*

PALIWANAG: Ang banal na lunsod ay parisukat at ang sukat sa palibot nito ay 12,000 estadio o 1,500 milya (ang isang estadio ay 1/8 ng isang milya). Ito'y bumaba mula sa langit patungo sa bagong lupa at lalapag sa kinalalagyan ngayon ng Bundok ng Olibo (Zac. 14:4) Ang bawat isa sa 12 pinto nito ay yari sa isang perlas (Apok. 21:21), at ang kulay haspeng pader ng lunsod ay 144 na siko (Rev. 21:17) o 216 talampakan ang luwang (ang isang siko ay 18 pulgada).

4. Ano ang sinasabi ng Biblia sa tubig ng lunsod at panustos ng pagkain?

Apok. 22:1 *At ipinakita niya sa akin ang isang _____ ng
tubig ng buhay.*

Apok. 22:2 *At sa dako rito ng ilog at sa ibayo nito, naroon ang punong
kahoy _____ na namumunga ng labing dalawang iba't-
ibang bunga na iba sa bawat buwan at ang mga dahon ng punong
kahoy ay pampagaling sa mga bansa.*



PALIWANAG: Isang hindi nauubos at dalisay na tubig-ilog ang umaagos mula sa luklukan ng Dios at ang Punong kahoy ng buhay ay namumunga ng iba sa bawat buwan. Ang hindi kapani-paniwalang prutas at ang dahon nito ay nagbibigay ng panlaban sa kamatayan at pinanatili ang walang hanggang buhay. Bukod pa rito, ang mga banal ng Dios ay magtatanim ng kanilang sariling pagkain sa kanilang tahanan sa bukid (Isa. 65:21). Ang pagkain ng bayan ng Dios ay magiging tulad noong hindi pa pumapasok ang kasalanan sa sanlibutan—prutas, butil, at nuwes (nuts) (Gen. 1:29, 31). Ang lasa ay hindi mailalarawan sa sarap at ang kahalagahan sa nutrisyon ay ganap.

5. Paano ang pagkakaiba ng pamumuhay sa langit sa pamumuhay dito sa lupa?


- A. Isa. 35:5 *Madidilat ang mga mata ng _____.*
- B. Isa. 35:5 *Ang pakinig ng _____ ay mabubuksan.*
- C. Isa. 35:6 *Kung magkagayo'y _____ ang pilay na parang usa at ang dila na pipi ay _____.*
- D. Isa. 65:25 *Sila (ang mga hayop) ay hindi _____ o magpapahamak man.*
- E. Isa. 11:6 *At ang lobo ay tatahang kasama ng kordero... at papatnubayan sila ng _____.*
- F. Isa. 35:1 *Ang ilang ay magagalak ... at _____ na gaya ng rosa.*
- G. Isa. 33:24 *At ang mamamayan ay hindi magsasabi, ako'y _____.*
- H. Apok. 21:4 *Hindi na magkakaroon ng _____ o ng dalamhati o panambitan man.*

6. Anong uri ng katawan magkakaroon ang mga banal?

Fil. 3:20,21 *Ang panginoong Jesu Cristo na siyang magbabago ng katawan ng ating pagkamababa upang maging katulad ng katawan ng kanyang _____.*

7. Ang katawan ba ni Jesus ay tunay o Siya ba ay isang Espiritu?

Lucas 24:39 *Tingnan ninyo ang aking mga kamay at ang aking mga paa, Ako rin nga, hipuin ninyo Ako at tingnan sapagka't ang isang _____ ay walang laman at buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa akin.*



PALIWANAG: Ang katawan ni Jesus pagkatapos Niyang mabuhay na mag-uli ay tunay, may laman at buto na inyong mahihipo at madarama. Nang una'y inisip ng mga alagad na Siya'y isang Espiritu nang bigla Siyang nagpakita sa kanila, subali't pagkatapos nilang hipuin Siya at pagmasdang kumain (Lucas 24:40-43) ay nalaman nilang Siya'y totoo. Pagkaraan ng 40 araw ay pinangunahan sila ni Jesus tungo sa Betania at Siya ay umakyat sa langit (Lucas 24:50-51). Ang mga anghel na nagpakita sa mga alagad ay nagsabi sa kanila, "Itong si Jesus na tinanggap sa langit (may laman at buto) ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit. Mula ng siya'y magkatawang tao, si Jesus ay magpakailanman kaugnay ng tao, gayon man Siya ay banal.

8. Anong iba pang nagpapalakas loob na pangako ang masusumpungan?

Gawa 3:20,21 *At upang kanyang suguin ang Kristo na itinalaga sa inyo na si Jesus. Na siya'y kinakailangan tanggapin ng langit hanggang sa panahon _____ sa dati ng lahat ng mga bagay.*

PALIWANAG: Purihin ang Diyos, ang bawa't maluwalhatian bagay na nawala sa kasalanan ay muling ibabalik sa bagong kaharian ng Dios. Ang lahat ng tao ay tunay na magmamahal, magtitiwala at tatangkil sa isa't-isa. *Bunga nito, hindi na magkakaroon ng anumang karahasan (Isa. 60:18) at wala ng pagtataksil, pang-aabuso, di pagtatapat, panlilinlang, paninira nang talikuran, kawalan ng katiyakan, kalungkutan, panganib, kabiguan o dalamhati. Ito'y magiging masaya, may kasiyahan, masaganang pamumuhay na walang hanggan.*

9. Anong malungkot at masakit na mga alaala sa buhay na ito ang liligalig sa tao sa langit?

Isa. 65:17 *Ang mga dating bagay ay _____ maaalaala o mapapasaisip man.*

PALIWANAG: Ang mga katagang "mapapasa isipan" ay dapat isaling "kilusin ang puso." Dito ay ipinangangako ng Panginoon na ang mga kalungkutan ng lupa ay hindi magbibigay ng kalungkutan sa kanyang mga banal sa langit.

10. Makikilala ba ng mga taong mula sa lupa ang isa't-isa sa bagong kaharian ng Dios?

I Cor. 13:12 *Ngunit pagkatapos ay _____ ko ng gaya ng pagkakilala sa akin.*

PALIWANAG: Tunay na makikilala natin ang isa't-isa sa ating anyo, paglakad, kinagawian, pagsasalita at iba pa. Ang ating kakayahang maunawaan ang isa't-isa ay pauunlarin sa langit. Ang langit ay magiging isang hindi kapani-paniwalang pagsasamang muli ng pamilya.


11. Ano pang ibang magagandang pangako ang ibinibigay sa atin ng Dios tungkol sa kanyang darating na kaharian?

- Isa. 35:10 *At ang pinagtutubos ng Panginoon ay magsisiparoong nag-aawitan sa Sion at walang hanggang _____.*
- Awit 16:11 *May mga _____ magpakailan man.*
- Zac. 8:5 *At ang mga lansangan ng bayan ay mapupuno ng mga batang lalake at babae na _____ sa mga lansangan niyaon.*
- Isa. 40:31 *Sila'y magsisitakbo at hindi _____; sila'y magsisilakad at hindi _____.*
- Isa. 40:31 *Sila'y paiilanglang na may _____ na parang mga agila.*

PALIWANAG: Ang mga banal ay makalilipad na tulad ng mga anghel sa bilis na mabilis pa sa bilis ng liwanag. Dahil sila'y nagmana ng lahat ng bagay (Apok. 21:7) maaari nilang dalawin ang ibang sanlibutan, na kailangan lamang ang ilang saglit upang makarating doon. Ayon sa kasulatan, ang Dios ay gumawa pa ng ibang sanlibutan na hindi nagkasala (Job 1:6; Heb. 1:2; 11:3).

12. Mailalarawan ba natin nang sapat sa pamamagitan ng salita ang bagong kaharian ng Dios?

I Cor. 2:9 *Hindi nakita ng mata at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa _____ ng _____, anumang bagay na inihanda ng Dios sa Kanila na umiibig sa Kanya.*





PALIWANAG: Kayo at ako sa ating kasalukuyang kalagayan ay walang kakayahan kahit sa guni-guni na sabihin ang mga kahanga-hangang bagay na inihanda ng Dios para sa Kanyang mga anak. Walang salita, isipan o maging panaginip ang maaaring tunay na ilarawan ang hindi kapani-paniwalang kagalakan at ganap na kaligayahan ng langit. Anoman ang ating pagdusahan sa lupa, ang pagiging nasa langit ay mahihigitan ang lahat ng anumang pagsubok (Roma 8:18).

13. Ano ang pinakamataas na gantimpala ng bagong kaharian ng Dios?

Apok. 21:3 *At ang Dios ay _____ at magiging Dios nila.*

PALIWANAG: Paniwalaan ito at tumayo na may pitagan! Ang Dios ay aktuwal na tatahan sa bagong lupa kasama ng Kanyang bayan. Walang maaaring ihambing dito para sa ganap na kagalakan at kaluwalhatian.

14. Ano ang hindi magsasama sa mga tao sa kaharian ng Dios sa langit?

Apok. 21:27 *At hindi papasok doon sa anomang paraan ang anomang bagay na _____.*

Apok. 21:7 *Ang _____ ay magmamana ng mga bagay na ito.*

PALIWANAG: Ang kasalanan ay nagpaparungis at hindi mapahihintulutan sa langit. Kundi ang rebelyon ay maaaring magsimulang muli. (Tingnan ang Karagdagan na may pamagat na "Ang Kaharian ng Dios").

15. Ano ang maaaring gawin ko sa kasalanan?

I Juan 1:9 *Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan at _____ sa lahat ng kalikuran.*

PALIWANAG: Kung hihilingin ko kay Jesus na patawarin ang aking mga kasalanan ay patatawarin at lilinis Niya ako sa kasalanan at gagawin akong Kanyang anak.

16. Ano ang sinasabi ni Jesus na pormula para sa tagumpay sa buhay na ito at sa susunod?

Mat. 6:33 *Datapuwa't hanapin muna ninyo ang _____ at ang Kanyang katuwiran at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo.*

PALIWANAG: Ito ang eksaktong ginawa ni Haring Solomon nang tanungin siya ng Dios. "Ano ang nais mo!" Ang unang inisip niya ay para sa kaharian ng Dios at sa Kanyang katuwiran. Kapalit nito, ang mga pagpapala ng isang maluwalhating kaharian ang sumusunod. Ito'y mangyayari rin sa atin kapag inuna nating hanapin ang kaharian ng Dios.



Ang Iyong Tugon

Kinikilala na ang Dios ang may ganap na kapamahalaan sa mga pangyayari sa lupa, kusang-loob mo bang ipinauubaya sa Kanya ang lubos na pamamahala ng iyong buhay?

TUGON: _____.

Ang Kaharian ng Dios

Ang Biblia ay isang tala ng dalawang kahariang palaging nagsasalungatan—ang kaharian ng Dios at ang kaharian ni Satanas. Ginawa ni Jesus ang kaharian ng Dios na pinakabuod ng Kanyang pangangaral. May mahigit na 100 reprensya sa kaharian ng Dios sa Baong Tipan lamang, at ang marami ay laman ng mga talinhaga ni Jesus. Mula sa Kanyang mga aral ay nalaman nating ang banal na kaharian ng Dios ay nahahati sa dalawang magkaibang kategorya—ang espiritual at ang literal. Ang mga mamamayan sa espirituwal na kaharian ng langit ay pinaghaharian at pinamamahalaan ng Dios sa kanilang mga puso. Bago mahikayat, ang trono sa ating mga puso ay tinatahanan ni Satanas, ng kasalanan at ng sarili. Subali't pagkatapos nating tanggapin ang pagpapatawad at kapangyarihan ni Jesus ang pagkaalipin ay nawasak. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Pablo, “Huwag ngang maghari ang kasalanan sa inyong katawang may kamatayan, upang kayo’y magsisunod sa kanyang mga pita. ... Sapagka’t ang kasalanan ay hindi makapaghahari sa inyo.” Roma 6:12,14. “Subali’t kung sa pamamagitan ng daliri ng Dios ay nagpapalabas ako ng demonyo, dumating nga sa inyo ang kaharian ng Dios.” Lucas 11:20.

Pagkatanggap ng tao kay Kristo, agad siyang nagiging isang mamamayan ng espiritual na kaharian ng Dios. Ito ang dahilan kung bakit si Jesus at si Juan Bautista ay pinasimulan ang kanilang ministeryo sa pag-aamuki sa mga tao na magsisi, “sapagka’t ang kaharian ng langit ay malapit na.” Mateo 3:2; 4-17. “Malapit na” ay nangangahulugang makukuha o mararating ngayon. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Jesus, “Ang kaharian ng Dios ay hindi paririto na mapagkikita. Ni sasabihin man sa kanila, Narito! o Naririyen! Sapagkat narito, ang kaharian ng Dios ay nasa loob ninyo”. Lucas 17:20, 21. Sa sandaling ang isang tao ay nabinyagan, umaalis siya sa kaharian ng kadiliman ni Satanas at sumasama sa kaharian ng liwanag ng Dios.

Ang bawat tunay na tagasunod ni Kristo ay isang embahador sa sanlibutang ito mula sa espiritual na kaharian ng Dios. Ang mga embahador mula sa ibang bansa ay malimit nagsasalita ng ibang wika, nagsusuot ng ibang damit, kumakain ng ibang pagkain, gumagamit ng ibang salapi at may ibang mga kaugalian. Sa gayon ding paraan ang mga Kristiyanong embahador ay dapat maging napakaingat upang wastong katawanin ang kaharian ng ating Panginoon sa paraan ng ating pagkain, pagsasalita, pananamit at paggugol ng ating panahon at salapi. Balang araw ang bayan ng Dios ay mamamahin ang literal at pisikal na kaharian ng Dios na tinalakay sa araling ito. Ito ang kaharian na ating pinananabikan kapag idinadalangin natin ang panalangin ng Panginoon, “Dumating nawa ang kaharian mo.” (Mat. 6:10. Ang literal na kaharian ng Dios ay ganap nang maitatatag sa wakas pagkatapos ng milenyong paghatol at labanan na inilalarawan sa Apokalipsis. 20.

